**Pamagat**: Isang Panimula sa 1 Pedro (part 2)

**Bible Text**: 1 Pet. 1:1 "Peter, an apostle of Jesus Christ, to the strangers scattered throughout Pontus, Galatia, Cappadocia, Asia, and Bithynia,"

*Pagsasalin*: Akong si Pedro ay apostol ni Jesucristo. Sa mga hinirang ng Diyos na pansamantalang nakikipamayan at nakakalat sa Ponto, Galacia, Cappadocia, Asya at Bitinia.

**Panimula**:

1. Ginamit ng Dios si Pedro upang palakasin niya ang kanyang mga kapatiran (Lk. 22:31-32). Hindi niya namalayan na gagamitin siya ng Panginoon upang bigyan sila ng lakas ng loob at pati narin tayo ngayon sa pamamagitan ng kanyang dalawang liham (1 and 2 Peter).
2. Sa ngayon ipagpapatuloy natin ang pag-aaral ng background ng 1 Pedro upang sumulong tayo sa pag-aaral nitong liham ng pag-asa.

I. **Ang Mga Tagapagtanggap ng Liham (Recipients of the Letter)**:
   A. Ang mga tagapagtanggap nito ay ang mga strangers "scattered" (diaspora; mga kinalat) sa mga geographic locations ng modernong Turkey.
   B. Sila ay mga "church members" (1 Pet. 5:2) – "flock of God" – kawan ng Dios.
   C. Sa ministry ni Paulo, Silas, Timothy, at Dr. Luke – sila ay pinigilan ng Banal na Espiritu na mamahagi ng ebanghelyo sa mga dakong ito noong ikalawang missionary journey nila (Acts 16:6-12), subalit pinayagan ng Espiritu Santo na si Pedro ang mamahagi ng ebanghelyo at mga churches dito.
   D. Sila ay mga "strangers" (pilgrim) – manlalakbay, peregrino. – ganito dapat ang isip ng mga Christiano patungkol sa buhay natin sa lupa.
   E. Sila ay mga Judyo at Gentile disciples.

II. **Saan at Kailan Niya Isinulat itong Liham (Place and Date Written)**:
   A. 1 Pet. 5:13 – Babylon (na may Euphrates) ito ay ang modern day Iraq (yun tinawag noon Mesopotamia).
   B. Sinulat niya ito sa kapanahunan ni Nero (mga 64 A.D.) – tandaan natin si Nero ang nag-order ng pagpugot ng ulo ni Paulo.
   C. Ang mga Christiano ay nakaranas ng matinding pagsubok dahil sa pananampalataya (1:6-7) – "fiery trial" (pagsubok sa pamamagitan ng apoy). Pati na rin kasinungalingan ng mga kapwa nilang mamamayan (2:12) – "…magsalita sila laban sa inyo na parang kayo'y gumagawa ng kasamaan…"
   D. Hindi niya isinulat ito para sabihan sila na aalisin ng Dios ang kanilang mga pagsubok, bagkus sila ay patitibayin ng Panginoon sa kalagitnaan ng kanilang mga pagsubok.

III. **Ang Mga Layunin nitong Liham**:
   A. Pinapaliwanag ni Pedro ang layunin ng Dios sa kaugnayan ng kaligtasan sa pagsubok. (1:1-12).
   B. Hinihikayat niya ang mga mambabasa na sila ay mabuhay ng may kabanalan, pag-ibig, paglago, at manatili ang kanilang testimony para sa Panginoon (1:13-12).
   C. Dapat na ang mga Christiano ay sumunod sa mga awtoridad (2:13-17) – kung hindi ito bumabali sa mga prinsipyo at mga salita ng Dios. Ganito rin ang mga trabahador sa kanilang mga amo (2:18-25), mga wives sa kanilang husbands (3:1-8); mga pastor sa mga iglesia o simbahan (5:1-4).
   D. May mga warning ito sa mga pamamaraan (tactics) ni Satanas (5:8-11).
   E. At siyempre pag-bati niya sa mga simbahan na scattered (5:12-14).

IV. **Ano ang Key Word**: Suffering (Paghihirap). 16 times na ibinanggit ito sa liham. 6 times patungkol sa sufferings ni Christo. At si Christo ay ang ating example sa mga kapanahunan ng paghihirap!

**Katapusan**:

1. Ang liham na ito ay maraming mga commands para sa atin. May mga doktrina na dapat nating pag-aralan.
2. Ang pinaka simple na outline: Introduction (1:1-2); Salvation (1:3-12); Sanctification (1:13-2:10); Submission (2:11-3:12); Suffering (3:13-4:19); Shepherding and Sobering Messages (5:1-9) Conclusion (5:10-14)